

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
[26 AUGUST 2021]**

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang gabi po sa bayan ng Pilipinas. Nandito naman po kami always. This is your regular program of government mainly to show to the people where the money is going --- anong nangyari sa pera ninyo at ano ‘yung ginagawa. Importante kasi alam niyo ‘yung pera na nandiyan at alam ninyo na ginagamit sa hustong paraan. That’s the reason for this program.

It keeps people posted of the taxes that they pay and we inform you. Huwag ho kayong maniwala diyan sa mga imbestigasyon, imbestigasyon. Makita naman ninyo walang nangyayari puro lang “we will investigate, investigate,” pagkatapos niyan... It begins with a bluster and it --- matapos ‘yan a whiff.

So sabi ko sa inyo, mga kababayan ko, nagsasabi kami dito ng totoo at malaman ninyo nang malaman kung kami’y nagkakamali. Hindi natatago ‘yan. Kagaya ‘yung kay Duque una 62, ang labas kaagad doon parang corruption. And that’s a problem because you begin to destroy the reputation of a person. So we had to do some overtime, nagsalita ako na ang pera nandiyan hindi pa nagastos. Maybe kung sabihin mo underspending baka pa, ‘yang mahina sa paggastos.

But, then again, the nuances of governance is that you cannot set a definite beginning or end of any project in government. There’s always the vagaries of politics and, of course, the imponderables that would come our way anytime. Hindi man natin alam kagaya nitong COVID ngayon.

So ako Presidente ninyo, you trusted me, you voted for me so that I would be the last person --- ako ‘yung pinakahuling taong manloko sa inyo. At puwede ninyo akong --- hindi na ako Presidente --- patayin ninyo ako kung ako’y nagkamali o nagsisinungaling.

Ngayon, itong lahat makinig kayo parang salita lang ito. But ito lahat it concerns money, pera itong pinag-usapan dito hindi ‘yang sabihin na direktso-diretso na ito, ito binili ng balot; ito binili ng gulay. Hindi ganoon eh. We have to make some explanations and everybody here explains the project that he is into. A project that he is making for the government or policies that would sila mag --- they want to apply kasi sila ang nasa baba. Hindi ako nakikialam basta ako resulta lang ang akin, the result. I do not interfere in their jobs because I am not supposed to do it. Otherwise, hindi makatrabaho ‘yang taong pinapakialaman mo. Ang iba diyan mag-resign na lang, “Eh ikaw na lang bakit ako? Eh sa lahat ng panahon nakikialam ka sa trabaho ko.”

Ako ganoon noon. Noon ganoon rin, dumaan rin ako ng subordinate. Noong piskal ako, may kaso ako, may kidnapping ganoon, eh namatay ‘yung kidnapper doon sa loob, talagang pinatay. Talagang sinadyang pinatay. So from one of kidnapping to murder eh maraming ano. Sabi ko sa hepe ko, “Sir, kung ganoon karami ang tanong ipinapagawa mo sa akin, ikaw na lang. Spare me.

Ako magtrabaho, magtrabaho. If you want a result, I will give it to you but please do not disturb me along the way.” A sensational case ‘yon si... Hindi ko na lang sabihin kung ano. One Chinese, they kidnapping another Chinese. Tapos ‘yung Chinese na-kidnap, nahuli, ikinulong. Ah namatay rin doon sa loob in less than 24 hours. That’s what made the case sensational.

Now, good evening sa inyo at salamat naman ‘yung nakikinig dito sa atin for keeping us company for all these times. Here you will learn government, ang pinakaimportante you will know where your money went at saka malaman ninyo kung ano ang totoo sa isyu. Pakinggan mo ‘yung mga ibang senador diyan, mayroon talagang masabi. After an investigation one or two or three days you’re hearing, wala na. Walang rekomendasyon, walang dinemanda, walang napreso. Puro postura lang, question, question. Iyan ang mahirap sa...

Kaya kayong mga maging senador --- Roque, avoid that kind of --- [Anong tawag nito?] --- rigmarole.

Now, first to present his program, what he has done or what he intends to do, I would call upon Secretary Roy Cimatu to be the first presenter. You can have the...

DENR SECRETARY ROY CIMATU: Mahal na Pangulo; miyembro ng Gabinete; isang makakalikasang gabi sa inyong lahat.

May I have the honor to present DENR’s accomplishments and programs to include some improvement of DENR.

[video presentation]

Iyan ang unang direktiba ng ating Pangulo sa DENR ay linisin ang Boracay na sinabing isang “cesspool.” Ito, mahal na Pangulo, ang kauna-unahang nagawa ng DENR kasi sanay na kasi ang nasa opisina ang DENR dati: tagabigay ng permits, tagabigay ng titulo --- hindi masyadong alam kung ano ang nangyayari sa labas.

Itong order mo na pagpunta sa Boracay para itong cesspool ay ito ang kauna-unahan. Maalaala ko pa, Pangulo, na noong nagbigay ka ng order, ginawa ko pinapunta ko lahat ng taga-DENR Region I to Region XII sabay-sabay nagpunta doon para makita rin nila ang ginagawa natin dito sa gobyerno. From Region I, mga Ilokano, dito sa Visayas and Mindanao, kauna-unahan sila nakarating rin sa Boracay.

Ganito po ang nakita niyo noon, noong nandoon kayo nagsu-swimming siguro kayo. Nakita niyo ganyan kadumi. Iyan ang dahilan na sinabi niyo “cesspool.” Ito ang before the rehabilitation at saka ang tawag diyan ay no fit for --- unfit for swimming. Kaya ito po ‘yung ginawa natin rehabilitation of Boracay Island.

Nag-issue ang Pangulo ng executive order para sa pagbuo ng inter-agency task force para gawin ang rehabilitation ng Boracay. Naglabas din ang Pangulo ng proclamation na isara ang Boracay sa loob ng anim na buwan. Ang una naming ginawa upang maisagawa ang rehabilitasyon, ito po ang ginawa ng DENR kasama ng DPWH, Department of Tourism, DILG at iba pang ahensya.

Ibinalik ang easement sa foreshore areas at dinemolish (demolish) ang mga istruktura. Na-detect ang mga tinagong ligal --- illegal na mga tubo. Makita po ninyo diyan ay may mga sundalo. Pero ang sundalo na nahiram namin di --- doon sa Camp Jamindan sa Capiz ay dala nila pala. Nandiyan sila hindi armas, pero ang pala. Tumulong sila, mahal na Pangulo.

Na-detect namin, kita naman ninyo diyan sa ilalim na tinago nila ‘yung tubo na palabas papunta sa tubig ‘yung mga establishments kaya kahit nakikita na akala mo walang tubo ay naka --- nasa ilalim ng mga --- diyan sa ilalim ng ano, ng sand.

Gumawa rin kami ng --- ‘yung ano, ‘yung operate --- ‘yung penetrating na equipment ng Mines and Geoscience Bureau para makita namin sa laman sa ilalim, in the four-kilometer white sand.

Ipinasa ang mga resorts na hindi compliant sa Clean Water Act at iba pang batas. In-expand namin ang mga septage at sewerage facilities. Pinaayos at pinalawak ang Boracay Circumferential Road.

Nag-award ka ng lupa sa mga Ati noong nagpunta po kayo sa Boracay. Nag-relocate ng 33 family mula sa Wetland 6 bilang mga agrarian reform beneficiaries sa loob ng Boracay. Nag-declare po kayo ng land reform, mga lupa sa Boracay.

PRESIDENT DUTERTE: Roy, may I in --- may I have your permission to say something about these relocations? Alam mo ‘yung I requested you to clean Boracay maraming speculation kasi may mga sugalan, hininto ko nga, lahat, kasi ayaw ko ng sugal, pati na ‘yung... General Año was the one enforcing the order then to close the gambling because I do not want it operating there.

Ang ano --- the --- ‘yung, ‘yung ano ng tao, ‘yung mga the cynic and the skeptic, they would say, think that I was developing Boracay for some of --- para sa mga kaibigan ko o akin. The usual na nangyayari sa gobyerno. ‘Di ba sinabi ko sa inyo lang “just go ahead,” sinabi ko kay General Año, “just go ahead.” I have something at the back of my head.

You know, the island of Boracay is a forestal land. Kaya ‘yung forestal land, dapat walang bahay kasi residential. But may mga nakuha silang lupa doon and one of them is the family of Justice Carpio. And to think that the entire island as of now is forestal.

So noong nalaman ko na marami ng subdivision sa likod, sa beach, I called Castriciones, “Pumunta ka doon sa likod at tingnan mo.” Tapos sabi ko sa DAR, mag-apply ka kay ipa-declare natin ‘yan as agricultural. Kaya ni-land reform ko.

So ‘yang mga ‘yan taong ‘yan, ‘yung sabi nila na ibigay ko sa mga ano --- ni-reform ko lahat. Hindi ako pumunta ng Boracay, hindi pa ako nakapag-swimming ng Boracay, Roy, sa totoo lang. Nagpunta ako sa likod, nag-distribute ako ng land titles. Pero gusto ko sanang maligo noon, gabi, maganda sana ‘yun, malinis na, eh wala naman akong kasama. Hindi naman ako marunong masyadong maglangoy. ‘Pag walang magyakap sa akin papunta sa itaas, eh mamamatay ako.

So ‘yan ang --- just in passing para --- for posterity. Those are the vignettes of life na hindi alam ng mga tao. Hindi lang nila alam kung gaano kahirap natin ‘yan.

And to advance my compliment to you, there was a time, I said, Secretary Cimat, it was a Cabinet meeting, and I asked you, “Can you clean the Manila Bay?” Sabi mo sa akin, “Yes, sir.” Sabi ko, “If you can...” Ayan, eh ‘di malinis na ngayon ang... Sayang ang mga talent ninyo.

Kasi ito si Secretary Cimat, he’s a military man. Naging Chief of Staff rin... [Naging Chief of Staff ka rin, Roy?]

SEC. CIMATU: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: But he was assigned early --- noon dito sa --- noon sa Davao. Sa Davao noon nandoon siya, chief siya sa lahat, hindi lang sa sundalo, basta chief. Chief ah... Hindi, ‘yun lang ang ano. You can go ahead, Roy. Thank you.

SEC. CIMATU: Yes, sir. Inayos rin naman ang mga wetlands. Nandiyan na po ‘yan ngayon. At saka dahil sa isinarado ay nagbigay ang DSWD at saka DOLE ng livelihood at financial support sa mga workers na affected dahil sa closure.

After the --- all those rehabilitation, Mr. President, ay ito ang nangyari after you told me to clean Boracay, after six months ito na ang nangyari. At saka nabalitaan ko na ngayon ay tumataas na muli ang mga arrivals. Medyo nag-slow down lang noong nasarado the province of Aklan.

After six months, Boracay was reopened. [Next.] Sa reopening ng Boracay noong October 26, 2018, muling napalakas ang turismo at employment sa lugar. Pinuri ang Boracay rehabilitation hindi lamang sa ating bansa kung hindi pati sa ibang bansa.

Ang sunod na utos ng Pangulo ay ang rehabilitation ng Manila Bay.

[video presentation]

Naglabas ang Pangulo ng administrative order na bumuo ng Manila Bay Task Force.

After that, it po ang ginawa namin when we launched the Save Manila Bay or Battle for Manila Bay.

Hindi ko inasahan, Mr. President, na ang daming taong pumunta. Volunteers, kalahati diyan ay ang volunteers. Kita ninyo dito sa right side, sa likod noon panay volunteers.

PRESIDENT DUTERTE: Secretary Cimat, is this --- were the people all civic-minded volunteers who want to...? Kalikasan. Trying their --- showing also their --- maybe their pressure and support sa iyo.

This is something which is palatandaan ng Pilipino. Mayroon pala. Marami talaga sa Pilipino ay nagmamahal ng bayan nila. Nagmamahal ng kalikasan. And so we... Iyan nga. Tayo dito, we are conscious of that, and we are giving it to the people.

You can continue, please.

SEC. CIMATU: Sa frontline po ay mga Cabinet Secretaries. Nakita ko si Secretary Año doon, including the late Danny Lim nasa harapan. So I'd like to tell that he was really very ano dito. May he rest in peace.

Nag-hold tayo ng consultation sa iba't ibang organizations para tumulong sa rehabilitation. Ito po 'yung directive niyo, Mr. President: for the task force to clean Manila Bay; to comply with the Supreme Court mandamus order. Ito ang sitwasyon noon kaya nag-utos ang Supreme Court. Ang Metro Manila noon --- ang quality ng tubig natin dito sa Metro Manila sa dagat ay 1.26 billion coliform level; followed by Cavite - 130 million; Bulacan - 92; Bataan and Pampanga. Ito po ang sitwasyon noong nagbigay kayo ng utos.

PRESIDENT DUTERTE: Coliform is iyong germs. The impurities in the water, kasali na 'yung mga --- [Ano bang germs sa Tagalog?]

OFFICIAL: Human waste?

OFFICIAL: Mikrobyo.

PRESIDENT DUTERTE: Mga mikrobyo. Mikrobyo, lahat. Kaya 'yon ganoon kadumi ang dagat when Secretary Cimatú embarked sa kanyang expedition to clean, and it's not an easy task, Manila Bay.

Kindly proceed. Sige. Thank you.

SEC. CIMATU: Ito 'yung nagbigay ng dumi ng Manila Bay. Ito mga river systems natin mula sa Metro Manila, Bulacan, Cavite, Pampanga, at saka Bataan. Mayroon lahat, lahat ng mga rivers na 'yan bumagsak sa Manila Bay.

Pinakagrabe na... Ito po ang esteros and waterways in Manila alone. Lahat po ng mga esteros na 'yan ay pupunta sa Pasig River at saka Pasig River bababa sa Manila Bay. Ito ang... Lahat 'yan na ano, nililinis natin. Ganyan po ang esteros natin.

PRESIDENT DUTERTE: Roy, may I?

Alam mo kasi dapat maintindihan ng Pilipino na 'yung mga estero or waterways noon talagang sinadya noong unang panahon para makalabas ang tubig. At ngayon, 'yung estero ginawa ninyong tapunan ng basura, stagnant, and it has bred a lot of millions of germs there to the detriment or deleterious health to the public.

Ang hindi kasi nila maintindihan 'yang estero baka akala ninyo 'yan diyan, iyan 'yan sana pupunta doon sa rivers then the rivers would empty its waters in Manila Bay. Ngayon, ang tubig na --- eh lowland eh. Ang tubig may lalabasan talaga, hindi puwedeng wala. So kaya 'yang tubig maghanap ng low area kung saan siya makaikot para makadating doon sa lowest portion ng lupa ng mundo.

Dito sa atin, pa-Manila, Metro Manila, lahat ng mga estero, rivers diyan, papunta talaga 'yan sa Manila Bay. So do not be surprised. There are a lot of critics always taking measurements of how much coliform ang nandiyan. Coliform is 'yung dumi, lahat na, mikrobyo.

Eh hindi nila naisip na 'yang rivers na 'yan papunta talaga sa Manila Bay. Hindi mo puwedeng ikutin 'yan kasi maghanap ng low areas 'yan doon dadaan. Now ngayon, unless you improve the esteros, the cleanliness of the esteros at saka itong mga kalahat --- iyong lahat na kanal, pupunta lahat 'yan sa Manila --- Pasig then Manila Bay.

Iyong lahat ng dumi diyan sa Pasig, papunta talaga ng dagat 'yan. So sabihin ninyo minsan mag -- iyong mga tao na parang marunong, i-measure nila 'yung tubig tapos sabihin there are so many coliforms ganoon.

Eh ang mga taga-gobyerno na matagal na, tumanda na, sabihin sa iyo, "Eh buksan mo muna 'yang estero. Linisin mo at gawaan mo talaga ng daan." Eh 'di walang daan, eh 'di stagnant 'yan. Iyong iba sarado na. Iyong iba tinambakan na ng lupa, bahay na. Maraming estero na sarado na kasi ginawang parte ng subdivision.

You know, these things cannot be addressed in an ordinary day --- in an ordinary working day in government kasi magkakaroon ka ng kaso niyan, TRO dito, TRO doon. Much as I would like to proceed with my job unhampered, unbridled, I cannot because I have to contend with democracy and the courts. They have every right to ano. Tingin sabihin, "Eh tingnan muna natin. Kasuhan natin." So 'yung kaso, libo 'yung kaso araw-araw. Eh kung criminal case nga mag-hearing ngayon, arraignment, basahan ka ng demanda. Ang next hearing ninyo is two months after. Iyan ang... Iyan ang realidad ng ano.

So itong mga pasaway, sa Bisaya 'yang pasaway, ganoon, magsige'g saway. Iyong palaging nagrereklamo. Magsige'g pasaway. Gamitin ninyo muna ang utak ninyo. Mag-umpisa kayo doon sa where to start, where to begin. You begin with the cleaning of the esteros. You cooperate to Secretary Cimatú and we have to provide dredging material --- equipment. Hindi na ho madadala ng pala 'yan. Kailangan i-dredge na talaga natin including the esteros and, if need be, destroy all houses at iyong mga esteros na ninakaw ng subdivisions, buksan, pilitin mo. But this cannot be done in an ordinary day.

Alam mo, hindi --- hindi ako. Hindi na ako magiging presidente. But you need another martial law powers for a president someday to do these things. Iyang wala ng --- walang TRO, basta 'yung mali, ano 'yung original mapa, iyon ang sundin. Then this country could find a relief of what it is now in a quagmire of our country.

So, Secretary Cimatú, please?

SEC. CIMATU: We have our own concept of operations parang military, Mr. President. Ang aming effort --- main effort talaga kasi ito pinakamadumi dito sa Metro Manila, hinati-hati rin natin itong mga members of the Task Force na mayroon respective assignments. Ito po 'yung mga assignments ng mga member ng Task Force na sumama dito.

Ito 'yung river and esteros clean up natin, makita ninyo sa kaliwa ang before, dito ano na ngayon after. Ito 'yung mga esteros na nakikita natin nadaan-daanan natin na 'yung sinasabi na pinagtatapon ng mga basura kaya naging putik na.

Ang ating ginawa ay kini-clean up natin, nilinisan pati 'yung drainage natin, ito na ngayon sa kanan. Estero --- mga esteros, ito rin sa Tullahan River dredging ang --- may private company na nag-volunteer na linisin itong Tullahan River. Ito pinakamahaba nating river dito sa Metro Manila, mula Quezon City hanggang diyan sa Navotas. Si Mr. [Ramon] --- RSA ang nag-volunteer na linisin 'yung Tullahan River.

Sila rin si, Mr. Ramon Ang rin ang nag-volunteer na naman na linisin 'yung Pasig River, eh medyo malaki yata 'yung magagastos niya raw diyan, aabot yata ng 2 billion, sinabi.

PRESIDENT DUTERTE: Roy, singit ako diyan. Itong mga --- okay man 'yang magtulong pero ang nakikita ko na tumutulong talaga sa bayan --- ito prangka-prangkahan ha. Nakikita kong tao na magtulong sa ating bayan, nagvo-volunteer, walang konsiderasyon at gumagastos pa is Ramon Ang. Is he the one that --- ito ba 'yung... Are you referring to the San Miguel Ramon Ang? **[OFFICIAL:** Yes, sir.] Iyan lang talaga ang --- pati bakuna, tumutulong, nago-offer, ito lang 'yung tao na --- tapos maligned pa. Alam mo, kasi negosyante raw maraming negosyo. Eh mga loko-loko pala kayo. Kanegosyante ko, hindi ka kikita, huwag ka na magnegosyo kung malugi ka. Kasi daw maraming... Eh marunong eh. Marunong magtingin sa panahon kung ano ang makapabuti dito, dito tayo magkapera, negosyo.

It is natural because we are a democracy. We allow it. The moment kayo mag-issue ng permit to build, permit to dredge, permit to what, that is geared towards another enterprise in the offing. Iyan lang ang masabi ko kay --- eh napag-usapan namin si Ramon Ang eh.

Ako saludo ako diyan. I have met him once, twice, nag-ninong kami ng kasal last time. Four times. Pero bilib ako sa kanya. Noon, noong bago pa, medyo ano pa ako. Pero noong nakita ko 'yung mga ano... At hindi lang naman si Ramon and many other Chinese Filipinos are doing it. Wala lang tayong mga pangalan dito. But let me just express my gratitude to them for helping our country because if you are helping the country or helping us, salamat po.

Roy...

SEC. CIMATU: Yes, sir. We dredged also the coastline of Manila Bay. The government dredged a total of 247,000 cubic meters of waste materials along the coastline of Manila Bay from January --- April to 2020 --- April to 2021. River and estero clean up on the clearing of fish cages in Cavite. Ito po 'yung nakuha na --- na-clear. Then, ito rin ang mga bamboos na ito ang bumagsak sa Baywalk recently because of the Typhoon. Nagka --- ang dami, mga kawayan na ating na-recover dito sa Baywalk.

We constructed also a treatment plant, a solar-powered sewage and treatment plant noong July 2020 doon sa may tabi ng Yacht Club.

Ito 'yung treatment plant na ito, Mr. President, kasi tatlo esteros na bumababa diyan sa may Baywalk, sa Padre Faura, galing sa Remedios at galing sa Abad. Iyong dito sa Abad naman medyo mataas ang coliform level itong Abad kasi nandiyan 'yung ano noon, mga informal settlers, nandiyan 'yung Manila Zoo at saka 'yung hospitals kaya mataas. So ito ngayon ang nililinis, itong treatment plant na ito, iyong tatlong esteros na 'yan. Ito po, ito 'yung Baywalk Outfalls na nagde-drain to the bay. Ito 'yung nililinis 'yung treatment plant na 'yan.

Makita po ninyo 'yung quality ng ano ito --- 'yung Abad is 1.2 billion coliform. Tapos itong Remedios, dito 'yung mga maraming restaurants diyan sa parang sa Aristocrat and dito sa looban kaya mataas rin ang coliform at saka dito sa Padre Faura. Hindi na sila matutuloy --- natuloy sa lumabas diyan sa Manila Bay. Na-divert lahat ito papunta doon sa treatment plant na malinis na po 'yung tubig.

PRESIDENT DUTERTE: Lilinisin? Lilinisin 'yung tubig, water treatment, para malaman ng lahat.

SEC. CIMATU: Ito po 'yung mga improvements dito sa Manila Baywalk. Mula noong 2019 at 5.75 million MPN, bumaba kaunti noong 2020, ngayon po ay 7,000 na lang. Tapos pinakamababa na nakuha namin doon sa may dolomite area ay 130 --- 140 MPN. Malapit na natin makuha 'yung 100 na ano natin, mission natin 100 para makapag-swimming na. Tapos umakyat ulit noong nag --- ginagawa ulit 'yung mga magbuhos na naman ng sand doon, tataas na naman. So umabot ulit ng 7,000 as of now, August. So iyan ang latest ngayon from millions naging 7,000 na lang.

Mayroon rin tayong mga pinasaraduhan na establishments dito. Kita nga natin 'yung DILG diyan oh, si Secretary Año pagsarado ng ano, Aristocrat yata 'yan, sir. [laughs] [Next.]

Inaayos natin ang relokasyon ng mga nakatira sa tabing ilog or danger zones. Nagkaroon na rin tayo ng relocation ang mga ito. Ito po 'yung ating na-relocate. Medyo maano talaga, marami talagang ire-relocate.

[Next.]

Ito po 'yung Baseco --- ito po 'yung Baseco dati before; ito sa kanan 'yung linis na ngayon. Iyong sa kanan, iyan na po ang Baseco. Nagtanim po tayo ng mangroves diyan. Noong last --- last year, Supreme Court Justice pa si Justice Peralta ay --- our guest --- ay na-impress siya sa nakita niya dito, Mr. President. And I'm really very ano naman dahil sila po ang nagbigay ng utos sa atin na linisin, sila rin ang recipient po lahat dito sa ginawa natin.

PRESIDENT DUTERTE: Roy, ito bang dolomite --- dolomite? Alam mo, maraming nagreklamo diyan. Ginagawa na nga ni Secretary Cimatú ang lahat para mapaganda 'yung... Tingnan mo ngayon ang ano, Boracay. Noon maraming mga magagandang babae na naliligo

doon, Roy. Noong pinaganda mo, mas lalong pinakamagandang lahat na babae sa buong mundo nandiyan na.

Ayaw mo pa 'yan? Sabihin niyo, "itong si Duterte babae ba 'yon?" Hindi 'no. What is beautiful is beautiful, period. Dolomite is beautiful to the eyes, period. Huwag ka nang magtanong kasi hindi naman ninyo kaya kung kayo. You had your chance, actually.

For so many years, you had every chance to do it. Was there anybody willing to take the problem by its horns? Si Cimatu lang. Eh 'di magpasalamat tayo. Mabuti't na nga --- itong mga ito mga retired, ayaw --- mga retired military man ito, ayaw na nito magtrabaho, pinipilit ko lang. Were it not for the fact na kaibigan ko talaga sila noong na-assign sila sa Davao. Nakaibigan ko si --- kaya may tiwala ako. Lahat 'yang kaharap ko na military, puro ko kaibigan 'yan. Hindi lang 'yan basta kinuha ko, kilala ko. I --- I can vouch for their honesty and industry. Military walang --- hindi 'yan puwede mag --- utusan mo, mag-upo lang.

'Pag sinabi mo, "Do it in six months," they did it in six months --- Año and Cimatu. So ako hindi ako nagsisi nang kumuha ako ng halos lahat military. Look at sa ano, isa lang tao lang talaga because I know kung ilagay ko 'yan sa ibang --- ma --- anak ng jueteng. A collegial body or an office, wala, walang mangyari.

So 'yang --- 'yang bakuna na 'yan, tinapon ko lang sa isang tao. Ikaw lang ang --- ikaw ang mag-negotiate mag --- lahat iyo. Ito naman si --- baka nakalimutan ninyo --- ito si Secretary Galvez, ito 'yung sa Marawi.

Alam mo may gusto akong sabihin pero ayaw kong sabihin. Maraming mga ano dito, maraming mga "kuno" na magsalita akala mo sino. Pero ni minsan, ni minsan wala akong nakitang senador, congressman except --- puro may mga reserve 'yan sila diyan. May mga --- may mga Marines. Pero hindi ako nakakita nagpunta lang man maski doon sa safe area magbigay ng --- magtulong, mag --- magdala ng pan o ano. Wala, wala akong nakita.

And it goes without saying na ako lang talaga ang pumupunta doon. Eh ako lang naman talaga ang pumupunta doon eh, sampung beses. Nabutas pa 'yung helicopter ko, natamaan ng --- hindi 'yung sasakyan ko, 'yung --- dalawa --- dalawa 'yan eh, in tandem, pag-take off namin sa gabi.

Itong mga --- mga Trillanes, itong mga --- itong may isa pa nga ako... Wala nang ginawa kung magdaldal tapos hindi man lang magbisita doon sa mga tropa, magtingin, mag --- magdasal doon sa tabi ng patay na sundalo. P***** i**. Tsk.

Iyan ang ano ko, iyan ang --- doon ako nag --- naano sa... Wala talaga. Except si Roque, nagdala ng hamburger doon. I went there 10 times. The last time nga nabutas 'yung chopper. And I spent hanggang gabi. Hindi ako pumunta doon --- nagpunta ako ng hapon hanggang gabi. Iyan ang ano.

Ngayon marami ng --- marami ng ano, mga ano, delayed ngayon --- delayed. Ang ano diyan si Ed Del Rosario, taga-Davao rin 'yan. I mean, nagtrabaho sa Davao. Naging Task Force Davao 'yan sa... Lahat 'yan sa... Si Sid Lapeña matagal 'yang chief of police 'yan doon. Alam mo sa

totoo lang iyong Gabinete ko karamihan Ilokano. Siguro tatlo lang kami diyang Bisaya. So kayong mga Ilokano, hindi lang ninyo alam bilib ako sa inyo, lalo na yang mga Ilokano na pretty boy. [laughter] Marami ‘yan sila.

Sa isang ano magharap kami sa dalawang mesa, ‘yung isang side puro military ‘yan. Kami dito kaharap puro sibilyan. Pero do not --- you might --- you might get the impression, ito sila mas sibilyan pa kaysa sibilyan. Alam nila na they are out of the military and that their department or their behavior alam nila magbalik talaga sila pagkasibilyan. Iyan ang totoo.

So, Roy, any --- may idagdag ka pa, Roy?

SEC. CIMATU: Medyo... [Next, next.] Mayroon rin tayong ipinalagay na geo-engineering interventions kagaya ng installation ng malaking tubo na ‘yan, Mr. President. Ito po ‘yung mga ano, mga floodwaters na lumalabas kung nagbabagyo o kaya malakas ang ulan. Instead na pupunta sila diyan sa tubig ng Baywalk ay diyan sila dadaan, ‘yung tubig na ‘yan, dito sa mga tubo na malalaki; 400 meters away, doon lalabas kaya hindi madumihan ‘yung ating Baywalk para ma-maintain ‘yung cleanliness niya, Mr. President. So nagpagawa tayo ng ganyan. Nakakonekta ito, halimbawa itong ano na ‘yan ay tubo na galing sa Remedios. ‘Pag nagbaha ng Remedios diyan ho sumasalo, lalabas ‘yan sa 400 meters away from the shoreline.

[Next, next.]

Mayroon rin --- ito po ‘yung mga interventions ng beach nourishment natin, itong dolomite. It is considered beach nourishment kasi malaking bagay na nagagawa niya diyan, nililinis rin niya ‘yung tubig, na-prevent rin niya ang erosion at saka ‘yung --- ‘yung luwag ng beach ay napaano na ito, napaluwagan. Ganyan po ‘yung sa kanan sa ibabaw, ayan po ‘yung dolomite.

[Next.]

Ganito na po ang dolomite, diyan sa kaliwa, binuksan natin noon, ipaano sa mga tao. Na-limit naman, na-restrictions naman ang limitations niyan para hindi magkasama-sama, sabay-sabay.

Ito po talaga ‘yung plano natin sa Baywalk. Dito po sa left side is the dolomite area. Sa gitna po ay ito ‘yung viewing deck sa sunset, swimming area diyan sa dolomite side, sa gitna po ‘yung Manila Bay. Dito sa kanan, ito parang fishing area po ‘yan dito sa kanan, tapos nandiyan po ‘yung treatment plant diyan sa tabi ng Yacht Club. Iyan po ang Baywalk.

Ito po ang mangyayari with your administration, Mr. President. Itong finished project, ito po ‘yung nagawa natin: iyong mga projects sa Baywalk geo-engineering projects; 52 esteros cleaned; dalawang rivers na na-dredge; one sewage treatment plant, dalawa pa ongoing. Ito po nagawa natin ito.

Ang unfinished po ay ito naman ang i-take over ang sino bang susunod, sinong susunod na presidente itong naiwan po. Ito ‘yung mga nasa red po sa kanan ay ito na po ‘yung cleaned. Cleaned na po ito, nalinisan na natin ‘yung nasa --- ‘yung nakapula. Mayroon isa sa Bataan, tatlo

rito sa Cavite, dalawang areas sa Metro Manila. So ito po 'yung gagawin nila diyan sa unfinished projects.

Magagawa natin lahat ito by... Iyong Baywalk will be by October this year and hopefully we'll be able to go into the 100 standard coliform na puwede diyan sa lugar na 'yan by October.

[Next.]

Ito, ito pa ulit ang binigay ninyong ano sa akin, Mr. President, itong Build Back Better. This was triggered when you conducted an aerial inspection in Cagayan after Ulysses. Ito po 'yung nakita ninyo diyan sa may Tuguegarao area.

Nag-create kayo ng Executive Order of Task Force Build Back Better. Ginawa ninyo po ako na chairman. Ang ating focus areas ay tatlo: Cagayan River Basin, Bicol River Basin, at saka Marikina River Basin. Ito 'yung pirmi nag --- nababaha, Mr. President, kaya ito lang naman talaga ang ating main focus dito sa Task Force.

Panibagong hamon po ito ang ating gagawin. Katulad dito sa Cagayan River Basin, kasama ko po rito si DPWH. Ang --- ito 'yung kauna-unahang project po natin na ginawa ng departamento. Wala tayong kinukuhang contractor dito, wala lahat.

So ang DPWH kasi mayroon silang mga equipment, ginamit natin with their personnel. In-augment po natin ng engineering equipment ng Department of Defense, the Army, the Air Force, and the Navy. Nag-contribute po sila doon. Dito sa Cagayan sila, nasa Marikina pa at saka sa Bicol.

Ito 'yung mga nagawa na natin: dredging; nagtanim rin tayo ng ano, bamboo sa tabi ng dagat --- ah ng river --- para kung magbaha, 'yun ang mag-prevent na ma-erode 'yung lupa. Si Governor Mamba pasalamat po sa inyo, itong ginawa natin sa kanyang probinsiya.

[Next.]

Ito po 'yung Marikina River. Nakita natin ang epekto, linuwagan natin, at saka medyo na-dredge pa kaunti. So medyo gumanda ang ating... Noong nangyari na nabaha diyan ay hindi masyadong tumaas ang tubig. Nagtanim rin tayo, lalo na sa Upper Marikina Basin, nagtanim pa ulit tayo ng mga bamboos uli diyan, tinanim natin.

Pasalamat rin si Mayor Teodoro ng Marikina. Sabi niya ngayon lang na ano, nalinisan o naluwagan na 'yung Marikina River.

Ito, Bicol River Basin naman. Ang nakasama ako --- nakasama kasi ako noong pumunta tayo sa Naga ng baha. So ito 'yung mga nakita natin. Ito ngayon ang ating priorities.

[Next, next.]

Ito po ‘yung ating river restorations dito sa Cagayan, Marikina. Ito po ‘yung plano ng DPWH. Tinanong ko kasi kung dahil sa mga gagawin natin ito, anong mangyari sa baha? So medyo mabawasan ang baha then ‘yung pag-subside ng tubig after a flooding ay bababa, iiksi. So ito ‘yung ating mga objective natin dito sa river restoration.

[Next.]

Ito ho ‘yung mga programs ng mga bureaus natin.

[Next.]

Iyong Forest Management Bureau po natin dalawa po ‘yung kanyang mission: protect and increase the forest cover. Kasi ‘yung forest cover natin, Mr. President, is only 23 percent ngayon. Gusto natin itaas ito by increasing the forest cover. Dapat dito sa mga protected areas natin ay walang magpuputol ng kahoy.

Dito naman sa indigenous, mga species na itatanim naman natin dito sa protected areas. So ‘yan po ang mga tanim natin.

[Next, next.]

Ah ito kasi, for the information of the President, ‘yung ating requirement ng Pilipinas, ang demand ng wood ay almost 5 million cubic meters. Out of that 5 million cubic meters, only 17 percent ang na ano, nasusuplayan (supply) natin from our own. All the rest are imported dito sa kahoy natin.

So mayroon tayong programa na kailangan ‘yung itatanim natin ay --- na para sa wood --- para sa wood demand ay doon lang tayo maano para sa supply or the demand dito sa mga wood.

Dito naman sa isang lugar, doon sa may forested area, walang putulan doon. Talagang tuloy-tuloy mag --- lalago nang lalago. Ito naman para ma-increase ‘yung forest cover. So ‘yan ang dalawang basic ano natin sa DP --- sa ano natin, sa Forest Management Bureau.

PRESIDENT DUTERTE: Roy, may I? Alam mo, pareho man tayo nagtatrabaho sa gobyerno. Iyong forest cover, kung mapalawak mo lang, maganda masyado ang Pilipinas. Similar programs have been initiated dito sa Pilipinas, kaya lang wala itong follow-up. The follow-up is see to it that it is really guarded and the trees are allowed to bloom, to grow.

Iyong iba para sa industrial, napuputol for the consumption ‘pag maano na, mataas na, the fast-growing ano. Pero alam mo, ito lang masasabi ko sa mga tao sa... ‘Pag ang governor o ang mayor hindi pumayag na may putulan ng kahoy, wala talagang kahoy mapuputol diyan. Pero ‘pag ang mayor, kumpare, leader, ganoon, bigyan niya, ah wala ‘yan. Pero kung magsabi siya, “Adre, medyo kaibigan tayo. Salamat. Pero itong ginagawa mo hindi maganda kasi para sa bayan ‘to eh, para ito sa next generation, ‘yung Pilipino na sasampa, sila na ‘yung maging nanay, tatay at may kahoy silang maputol maski na papano.”

But if you start to mess up with this, eh wala. Pero ang guarantee, ang pinaka-guarantee niyan is kung ang governor magsabi, “P*... Huwag ninyong gawin ‘yan.” At saka talagang ‘pag may nagkasala, idemanda ninyo, gusto niyo ihulog sa dagat, idemanda ninyo, nasa sa inyo ‘yan, you hang him in the forest.

Pagka may ipakita ka talaga na parang hindi ka aatras, iyon bang sinabi mo na maski ano, ke --- maski na anong sektor na magsabi ka na ganito ang batas, ganito ang sundin natin. Huwag ninyong --- huwag ninyong gawin ‘yan kasi tayo ang magkadeperensiya. Eh ‘pag magkadeperensiya tayo, eh alang-alang naman magpatalo ang gobyerno, talagang kayo ang maupakan ko.

So para na hindi tayo magkahiyaan dito, isang probinsiya tayo, alam ko ang negosyo ninyo, pero huwag ninyong isali ‘to kasi protected area nga, nauubos na nga, may nagtatanim na nga, eh pakialaman pa ninyo ah...

Ang pinaka-guarantor ng ano talaga is the mayor and governor. Iyan experience ko, ‘pag sinabi mong huwag, huwag. Ngayon ano ang --- kulungin mo, puwede mong ipakulong kaagad. Hindi naman kailangan idemanda mo eh, ‘pag nakita mo na may kahoy, diretso na sa kulungan. Hindi kailangan ‘yang 10 days-10 days, diretso ‘yan. Tapos sabihin mo sa inquest fiscal na ano summary. Iyan ang mahirap diyan ‘yang walang ano... Ayaw kong mag-ano ng --- because I will be unconsciously ipupuri ko sarili ko.

Pero basta ako sabi ko, ‘pag sinabi ng mayor pati governor ayaw niya ‘yan. ‘Pag sinabi niya ‘yan na “ayaw ko ng last two, ayaw ko ng jueteng dito sa siyudad ko, magkaibigan tayo pero pagka pumasok ka dito talagang...” Eh ‘di wala. Walang ano, eh mga last two-last two, hayaan mo ‘yan. Neighborhood ano ‘yan. At saka kung walang magawa ‘yan, shabu ang idi-distribute niya. Kaya hayaan mo na lang ‘yang ganoon pero ‘yang malalaki, hindi.

Ngayon, magsabi ka, “Ito si Duterte, bakit sabi mo ayaw mo ng sugal, tapos ngayon maski ‘yung sa Boracay ‘yung gambling house doon ine-encourage mong buksan para sa tourist?”

Patawara --- patawarin na po ninyo ako for the contradiction. Ngayon po wala tayong pera. Kung saan man tayo makakuha ng pera, kukunin ko. Kung diyan sa gambling, so be it. Ngayon, kung nagkamali ako, tama ‘yan, nagkamali ako. Kung wala akong isang salita diyan, tama ‘yan, wala akong isang salita diyan. Pero kailangan ko ng pera para patakbuhan ang gobyerno kasi marami akong gagastusan.

Roy...

SEC. CIMATU: Mr. President, ito para sa mga wildlife natin at saka sa coastal communities, as shown, nag-implement din tayo ng mga monitoring ng threatened species population habitat. Mayroon tayong nahuli sa airport minsan ay napakulong. First time na may napakulong na nag-violate ng wildlife law sa atin.

[Next.]

Environmental Management Bureau. Ito 'yung nag-i-implement ng tatlong batas: the Clean Air Act, the Clean Water Act, and the Solid Waste Management.

Iyong Clean Air natin, 'yung air quality, I would like to report that we are safe. Ang ating hangin dito sa Pilipinas ay healthy.

[Next.]

This is the Clean Water Act naman, dito 'yung sa mga esteros natin, mga creek natin ay nalilinis na rin ng mga tao ay 'yung nag... Mayroong mga nag-adopt ng estero sa water --- Water Body Program natin.

[Next.]

Maaalala rin natin na iniutos rin ng Pangulo noon ang paglilinis ng Naboc River. Ito po 'yung nabanggit ninyo minsan sa isa niyong SONA na linisin ninyo 'yung Naboc River sa Diwalwal. Ito po 'yon.

Medyo napalinis natin pero ginagawa pa rin. Nagpunta ako doon and kasi lugar ko kasi ito noong brigade commander ako, Mayor, noong ito sa Naboc River. Noon talaga maraming mercury 'yan, Mr. President, at saka namamatay 'yung halaman sa pagbaba niya noon.

Ngayon puwede na po, nagtatanim na sila ng palay doon sa baba ng river bago makarating sa Agusan River. Ito kasi mag-join ng Naboc River, mag-join sa Agusan River.

PRESIDENT DUTERTE: Iyan --- 'yan ang --- 'yan ang mga probinsiya sa mining. Kayong mga mining companies, kutkot kayo nang kutkot tapos 'yung mga tailings ninyo bumababa doon sa tubig, then it contaminates the rivers. Iyong mga tao --- 'yung mga indigenous tribes doon, mga IP, doon 'yan sila kumukuha sa isda, sa ligo nila, and then the water becomes brown kagaya ng 'yang nilinis mo, then it becomes black.

Eh saan mo ilagay 'yung Pilipino ngayon? Iyong [mga katutubo]? Iyon ang problema --- 'yun ang sa inyo kasi kung medyo --- you cross that line of destroying a river, the life of a river, then government will just have to come in and stop you.

Madali lang man ho 'yan para kay Roy pati sa akin. All I have to do is just to cancel your permit to operate. Ganoon lang 'yan. Pero hindi namin 'yan ginagawa unnecessarily, unless it is in proportion of a disaster. Iyan ang maano ninyo.

Makikita ninyo 'yan sa Diwalwal. First, it was a clean water, long time ago when I --- I used to accompany my father. Sumasama ako sa tatay ko. Kaganda ng lugar na 'yan, Diwalwal. It was a paradise. Then the gold rush came, pumasok --- pumasok 'yung tao. The river, from a clear white became brown, and itim na.

So 'yun ang sinasabi ko sa iyo and thank you for doing your utmost to do something about it.

SEC. CIMATU: That used to be nor --- sa Davao, pangalan na nga yata ngayon ay ang Davao de Oro?

PRESIDENT DUTERTE: Davao de Oro.

SEC. CIMATU: Davao de Oro, Davao de Oro, oo. Gusto rin namin i-report sa inyo, Mr. President, na 100 percent na nasarado lahat ng dumpsite. Itong dump sites na ito ay ito 'yung utos sa RA 9003, Solid Waste Management Law. Nag-umpisa noong 2000 ito. Eh 2021 na ngayon, ngayon pa lang natin napasarado lahat ng dumpsite kasi bawal na ito kasi sa batas. So ito na po 'yang ating result ng ating pag-implement ng...

Iyong Healthcare Waste Management po naman, pinaayos natin sa pagtatapon ng face mask, face shield, at saka PPE, at iba pang hazardous waste lalo na ngayon na pandemya. May mga policies na po tayo na na-issue hinggil dito.

Land Management Bureau. Sa land management naman po, patuloy na nagbigay ng mga patent para sa mga mahihirap nating kababayan. Patuloy din natin inaayos ang sistema ng land records natin at land survey.

Itong Mines and Geosciences Bureau. Nagpapasalamat kami, mahal na Pangulo, sa paglabas ng Executive Order 130. Inasahan natin na ang mining industry ay makakatulong sa pag-increase ng pondo ng government.

Tinutuloy rin natin na mag-rehabilitate --- ang rehabilitation katulad sa Rio Tuba Nickel Mining pagkatapos na nawala na 'yung mines ay ito na 'yung nilalag --- ginagawa ng mining company, 'yung rehabilitation.

[Next. Next.]

Itong Environmental Law and Enforcement, Mr. President, ito 'yung isa sa ating --- nahirapan kami noon because hindi nila --- hindi sila natatakot sa enforcement ano namin, arm.

PRESIDENT DUTERTE: Alam mo, Roy, kung bakit? Protektado sila sa itaas ng mga NPA. Ang NPA mayroon diyan eh. Ang illegal logging operations, mayroon 'yan sila sa itaas. Kaya sa baba, kung isa, dalawa lang ang forest rangers, puwera na lang kung may checkpoint, ah talagang mahuli kung military pati pulis.

Pero kung 'yung mga tawag nilang forest guards, hindi natatakot 'yan. Takutin 'yan, may mag-escort diyan na mga NPA. Akala mo the NPA they are doing something for the country. My God, wala. They are killing people and extorting money from everybody from all sources. Kaya nga hindi natatakot, iyan 'yan. Go ahead.

SEC. CIMATU: [Next. Next. Next.] Ito 'yung ano, 'yung nag-landslide sa Naga. Maayos na po 'yung --- na-rehabilitate natin 'yung sa Naga. Ito po 'yun noong nandoon kayo.

[Next.]

Ito pa 'yung ating nagawa. Ah ito nga 'yung binaril nila na sinasabi ko, Mr. President. Mga may --- may mga namatay, may forest ranger tayo kaya nabaril ng shotgun.

PRESIDENT DUTERTE: Iyan ang sinabi ko, iyong forest rangers, forest guards?

SEC. CIMATU: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Iyan 'yon. Iyong sa itaas. Iyon 'yung talagang nag-aalaga ng --- enforcing the law there. Walang putulan, tapos... Doon --- doon, ayan 'yang nababaril. Iyang nakikita ninyo.

Kasi pagka pi --- hininto 'yan sila, papasok ang NPA kasi pera 'yan. Eh 'yung mga illegal logs na tinag (tag) na nakakalusot at napagbili, mayroon sila diyan. Kaya all --- from --- parang BIR talaga ang g***. P***** i** niya. Maski saan nag --- kuha dito, kuha doon. Susmaryosep. Kung alam mo lang ang racket nitong mga 'to. Sige po, go ahead.

SEC. CIMATU: [Next.]

Habang hinihintay namin 'yang legislated na house bill para sa pag-create ng Enforcement Bureau namin ay nag-put up na ako ng ano, services na sa amin within our manpower, Mr. President. Para ma --- ma-ano na namin, maka-start na kaming mag-training nitong mga tao namin.

[Next.]

Well, in closing, Mr. President, as you said it is better --- build back better. And for us: build back better, build back greener, build back bluer for the water, and build back healthier.

With that, I conclude my presentation, Mr. President. Maraming salamat. Thank you very much. [applause]

PRESIDENT DUTERTE: Roy, in not so many words, talagang industrious ka. Typical of a military upbringing.

Salamat sa contribution mo sa bayan natin. The next to present would be Secretary Duque.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Mr. President, magandang gabi po sa inyo; at Senator Bong Go; mga kasama ko po sa Gabinete; at higit po sa lahat ang atin pong mga kababayan.

Sir, I will only present isang slide lang. [Secretariat.] Thank you. Mr. President, isa lang pong slide ang ipe-present ko at ito po ay patungkol doon po sa inyong pag-uutos na bayaran na kaagad 'yung mga hindi po nabigyan ng special risk allowance na mga healthcare workers po natin na late pong nakapag-submit ng listahan ang kanila pong mga hospital chiefs at ang halaga pong inilaan para dito ay 311,793 --- ah 311,793,474.

So ito po 'yung mga naibaba na po namin sa mga Centers for Health Development. Itong halagang ito ay inaprubahan na po ito ng Department of Budget and Management. In fact, kahapon po ay inilabas 'yung Special Allotment Release Order ng DBM.

At sa mga susunod na araw po, inaasahan namin na ibababa ng mga DOH regional offices ang pera sa mga 44 na mga lokal na pamahalaan at mga pribadong mga pasilidad at ospital upang makuha na ito ng atin pong mga health workers.

Ngayon, kasalukuyan din, Mr. President, ay nakikipag-ugnayan ang DOH sa mga LGUs at mga private hospitals upang makalap ang dagdag na bilang ng mga health workers na nararapat pang makatanggap ng special risk allowance.

Magsusumite din ngayong araw ay ang kagawaran ng mga dokumento sa DBM para mabigyan ng --- ang 17,617 additional health workers kung saan aabot sa 201 million ang kinakailangang pondo.

So kaya naman inaasahan po namin na madadagdagan pa ang bilang ng mga health worker na makatatanggap batay po sa inyong kautusan noong nakaraang linggo.

So magbibigay na lang po kami ng mga updates patungkol dito, Mr. President. So we are well within the 10-day time frame that you have given us, Mr. President. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Are you through? Then I'd like to call on Secretary Lorenzana.

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Mr. President, wala namang nadagdag doon sa ni-report ko last Monday. So I'll just postpone my report for next week.

PRESIDENT DUTERTE: Sige, if you wish so. Then we have Secretary Galvez now.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Sir, magre-report lang po ako. Three slides lang po para po maano po natin 'yung updates po ng ano po natin ng ating vaccine. Later on, iaano po ni Secretary Dominguez 'yung exact ano po ng vaccine na darating po sa atin.

[Next slide, please. Next slide, please.]

Sa ngayon po, mayroon po tayong ina-account na 187 doses for procurement and COVAX and other donations. Ito madadagdagan pa po ito pagka nag-report na po si Secretary Dominguez dahil kasi po mayroon pa pong ongoing na mga negotiations. At dumating na po 'yung 48.9 million and then we will still expect more or less mga 140 million na galing po sa mga ibang mga manufacturer and also from COVAX. So it will ano it will arrive at six months, at mayroon pong mga more or less mga eight doses --- ang matatanggap po natin 8 million doses, matatanggap natin sa 2022. So ie-explain ko na lang po 'yung ibang mga data sa susunod po na mga slides.

[Next slide, please.]

Dito po sa ating vaccine tracker ay nakita po natin na mayroon na po tayong 48 million --- 48 million na natanggap ngayong ano ngayong buwan; at mayroon na po tayong 42.092 million na na-deploy. At ang ano po natin, mayroon na po tayong 31 million na total vaccine na na-administer at tumataas na rin po 'yung ating fully vaccinated to 13.3 million. Iyong nasa gitna po, Mr. President, na mayroon na po tayog 13.3 [million] na fully vaccinated which represents 17.33 percent of our 70 percent targeted population and also 12.13 [percent] for total populations po natin.

[Next slide, please.]

Sir, ito po ang medyo idi-discuss ko po sa inyo ngayon dahil po sa inyong guidance na at saka sa guidance po ni Senator Bong Go na mag-allocate na po tayo ng marami doon po sa ano sa ating mga different provinces.

So kung makikita po natin 'yung basis po natin, itong first line po sir, 'yung first ano first column, ito po 'yung 70 percent projected population. So umaabot po ng 77 --- 77.13 percent. And then dito rin po 'yung number of vaccinated ano, sir --- bandito po 'yung number of vaccinated first dose. Ito na po 'yung ano 'yung tinatawag natin na mga na-vaccinate na po natin. Ito naman po 'yung column na 'to, ito 'yung unvaccinated po, ito unvaccinated.

So ito ang basis po natin ng tinatawag nating equitable distribution kasi may basis po tayo kung ilan pa ang hindi pa nababakunahan sa mga different regions. Ito po 'yung mga percentage ng mga vaccinated. So kung titingnan po natin simula po ng September, 25 million po ang ating projected na makukuha at nakikita po natin na ang lalaki na po dito 'yung Region IV-A at saka 'yung Region III and other regions. Iyong NCR po, ang matatanggap na lang po niya is less than one million.

Then sa ine-expect po namin noong nagkaroon po kami ng conference ni Usec. Joven ng DOF at saka kanyang legal team, more or less mayroon po tayong 114 million na darating sa 4th quarter at saka 'yung mga slippage doon sa first quarter of 2022.

At nakikita po natin na mangunguna po dito ay talagang 'yung ano 'yung IV-A kasi ito ang pinakamalaki pong population na hindi pa natin nava-vaccinate; followed by ano Region III; and then it will be followed by Regions VI and VII; and also nandito rin po 'yung Region I; and also 'yung Region XII and also 'yung Region XI and Region IX.

So iyon nga po. Ito po ang aming ano idi-discuss lang po sa ano. Inano lang po namin ang mga different provinces na I would like to ask some patience because talagang ano eh, talagang inuna lang po natin 'yung mga surge area at saka inuna po natin ang NCR dahil napakalaki po ng risk natin sa economic at saka tinatawag nating sa health risk considering ito po 'yung mga epicenter.

So mahal na Presidente, iyon lang po ang aking ibibigay na ano na impormasyon po sa inyo ngayon at marami pong salamat.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Mr. President; Executive Secretary Bingbong Medialdea; Senator Bong Go; fellow public servants. Magbibigay lang po ako ng ulat sa nagaganap nating pamamahagi ng ayuda dito po sa National Capital Region, sa probinsiya ng Laguna, at ng Bataan.

Sisimulan ko po sa National Capital Region. Tayo po ngayon ay nakapagbigay na ng 86.82 percent ng pamamahagi ng ayuda sa NCR at umaabot na po sa halagang 9.77 billion pesos kung saan 9.7 million beneficiaries ng NCR ang nabigyan na po ng ayuda.

[Next slide.]

Dito po makikita ang breakdown ng pagbibigay ng ayuda sa National Capital Region at makikita po natin na ang Caloocan at ang Navotas ay nakatapos na po ng kanilang pamimigay. Samantalang ang Manila, Pateros, Pasay, at Malabon naman ay lumampas na ng 98 percent. Hanggang katapusan po ng buwan ay tatapusin natin ang pamamahagi ng ayuda.

[Next slide. Next slide.]

Ah dito naman po sa probinsiya ng Laguna, mahigit 1.134 million benepisyaryo na ang nakatanggap sa lalawigan ng Laguna at ito po ay umaabot ng 41 percent at umaabot sa halagang P1.134 billion.

[Next slide.]

Ito po 'yung breakdown ng ating pamimigay sa Laguna. At makikita natin ang bayan ng Pakil at Biñan ay nakatapos na, 100 percent.

[Next slide. Next slide, please.]

Tapos na po. Sa Bataan po ay patuloy ang pamimigay ng ating mga ayuda at magbibigay pa kami ng ulat sa susunod na linggo. Iyon lamang po, Mr. President. Magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: You're doing well, Secretary Año. So ang sunod na speaker natin ay si Secretary Dominguez na muna.

DOF SECRETARY CARLOS DOMINGUEZ III: Maraming salamat po. May dalawang slide lang po ako. This is about the summary ng vaccine doses na na-secure na natin ho as of August 26.

We have secured ho 194 --- optional budget natin ho, the one... Sorry, may ano pala tayo dito. Ang total government expenditure --- ah sorry --- we also secured ho from the --- the private sector secured 24.9 million doses. Pero ito, bili ng mga kompanya para sa mga empleyado nila.

So ang total cost to the government ho so far is \$1.302 billion. This will cover 174 million --- 170 million doses --- 170 million doses ho from the government; 24 million doses ho from the private sector.

Ang second slide ho natin is iyong arrival schedule ho 'no. From March 1 to August 25 ho, we have already received 48.89 million doses. Ang estimated arrival from August 26 to September 30 is 42 million doses. And from October to December, we are expecting 103.59 million doses. So actually we are expecting roughly 50 million doses a month from September to December. If that happens ho, siguro by January, we should have been able to inoculate everyone ho.

Wala ho tayong problema sa pera. May financing na lahat 'yan at we have --- we don't have to worry about any --- about money here. We have already --- all the money ready to be paid for these doses.

That's all ho. Do you have any questions?

PRESIDENT DUTERTE: No. That is very reassuring. So...

Alam mo mga kababayan ko, mga Pilipino, you know, wala tayong sariling factory para sa bakuna kaya tayo bumibili at umaasa pa. Umaasa pa rin tayo na may magbigay pa ng tulong kagaya ng China. Bago lang nagbigay ng tulong. Amerika. So sabi nila galit daw ako sa Amerika. Hindi ako galit sa Amerika, lalo na kung magbigay sila ng bakuna, lalo akong maging ano 'yung ano na rin magmamagandang-loob na rin 'yung tao eh, bakit mo pa...?

Hindi ako ano eh. In some matters of government policies, iyon lang naman. Pero I do not have anything against America. Lahat ito, pulled together, this will I hope bring out the country out of the morass of pandemic.

Thank you for the presentation. Sandali lang ang bilyon-bilyon. It's only [unclear]. Iyan ang maganda dito sa ano.

Now, the next is Harry. Where have you been?

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HERMINIO "HARRY" ROQUE JR.: Yes, sir. Magandang gabi, Mayor; magandang gabi po kay Senator Bong Go; kay Executive Secretary; at sa lahat po ng ating mga kasama.

Well, preliminary lang po I just stepped out for a while po dahil kinausap ko po 'yung Ambassador ng Venezuela galing po sa Caracas. She is one big fan of yours, Mr. President. If you only could --- if you could only have heard what she said about you. You are a figure, according to her, that represents the entire developing world. You are an inspiration to everyone who is fighting imperialism and colonialism. Those were the words of Ambassador Capaya Rodriguez Gonzalez.

And earlier, Mr. Ambassador, I also had a conversation with the Ambassador of [Eswatini], formerly Swaziland, and he said that he is a certified Duterd. He is based in Malaysia. But like the Ambassador of Venezuela, they look up to you as an acknowledged leader of the developing world standing up for the national interest not only of the Philippines but of developing world, particularly on the issue of vaccine equality now.

But, Mr. President, ang ire-report ko lang po unang-una ay 'yun nga pong patuloy po na pagko-commemorate natin ng mga significant milestones sa ating vaccination rollout. Lilinawin ko lang po 'no kasi mayroon isang media na nagtanong bakit pa raw natin ginagawa itong mga ganito eh samantalang mayroon daw pong pandemya at mayroong Delta variant 'no? Importante po kasi itong mga commemoration na ito gaya ng 30 million jabs and counting kasi po ito po 'yung nagbibigay ng kumpiyansa doon sa mga hindi pa bakunado na dapat na silang magpabakuna.

Sang-ayon po kasi sa survey ng SWS, ang finding po nila ay mas maraming Pilipino ang magpabakuna 'pag nakikita nila na ang kanilang mga kapitbahay at iba pang mga kaibigan ay nagpabakuna na. So despite the risk po at mayroon din naman pong risks sa aming mga uma-attend ng mga commemoration na ito eh ginagawa po natin ito. And if I may say, this is also pursuant po to the advice of our Israeli friends who visited us 'no na noong sila daw po ay nagbi-build ng kumpiyansa para magpabakuna ang mga taga-Israel, ganito rin po ang ginagawa nila. They celebrate the significant milestones. At ito nga po na ginawa natin sa San Mateo ay para i-commemorate 'yung 30 million jabs and counting. So "30:13" po 'yung kinomemorate (commemorate) diyan: 30 million dosage na naiturok na at saka 13 million na fully vaccinated individuals po.

At ang importante po siguro ay maalala naman ng lahat na limang buwan pa lang po tayo nagsimula ng pagbabakuna ay umabot na tayo ng 30 million at mukhang lalo pa pong mapapabilis dahil ang report nga po ni Secretary Dominguez at ang palaging report po ni Secretary Galvez ay magkakaroon na tayo ng at least 25 million na kada buwan na supply sa mga darating na buwan.

So sa tingin ko po --- well, mas malaki pa po [laughs] --- up to 30 'no kada buwan po 'no. So sa tingin ko po ay makakamit talaga natin 'yung ating target na population protection by December. As in fact, dito po sa Metro Manila ay 43 percent na po ang ating naabot. Oo.

Next slide po ay ito rin po 'yung mga symbolic vaccination na ginawa natin doon po sa SM San Mateo 'no dahil patuloy po ang pagbabakuna natin ng mga economic frontliners.

Tapos, Mayor, ire-report ko lang po ang isang bagay na nai-ulat lang po at nagkaroon po ng rekomendasyon ang ating UNICEF 'no.

[Next slide, please.]

Ito po ay in connection doon sa ating mga mag-aaral. Na-report naman po ng ating DepEd na enrollment na po ngayon at lumampas na po sa limang milyong mga nag-enroll po 'no at na-approve naman po ninyo na ang pagsisimula ng klase natin ay September 13 at bagama't September 13 po ang simula ng klase ay pupuwede pa rin pong magparehistro iyong nais pang magparehistro. Pero iyong alinlangan ng ilan na baka kakaunti ang magrehistro, mukhang hindi po totoo dahil sumobra na po ang nagrehistro para sa taon na ito kung ikukumpara doon sa mga nakalipas na taon.

[Next slide, please.]

So hanggang ngayon po ay patuloy po ang ating effort. Bagama't ang sabi ko nga po 'no na napakataas po ng mga nag-rehistro na.

Iyon lang po, Mayor. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: The next is the Chairman of the MMDA.

MMDA CHAIRMAN BENJAMIN “BENHUR” ABALOS JR.: Maraming salamat po, mahal na Pangulo. Magandang gabi po sa inyo, sa lahat po ng mga miyembro ng Gabinete. Bibilisan ko lang po. Three minutes lang po ito 'no.

[First slide, please.]

Bumaba po 'yung growth rate from 130 to 94.65 as per DOH.

[Next, please.]

Ito po 'yung OCTA report, Mr. President, from 1.9, naging [1.53] na lang po. Ibig sabihin po iyong virus, hindi na ho nanganganak ng ganoon. Nanganganak siya, dumadami pero hindi na ho ganoon kadami.

[Next, please.]

Ang atin pong kaso po sa ano ang active cases natin ay higit-kumulang 30,000 'no. And, of course, ito po ay mayroon po kaming ginawang granular lockdowns. Sa ngayon po ito ay higit-kumulang 3,654, kasama ang apat na compound, isang building, 90 streets sa Metro Manila, dalawang floor na condominium, and 36 condominium units. Ito po ay para siguraduhin namin talagang maiging for the next two weeks dahil very critical 'no. Talagang gagawin po natin ang lahat para talagang ma-limit po ang kaso.

At hindi lamang 'yun, ang good news po, ito pong... Nakipag-usap po kami --- ako sa Rotary Club of Manila. Napakabait po nila. And through Hermie Esguerra, si Dr. Angelo Militante po, siya po ang presidente ng Philippine Dental Association, sila po ay nagvo-volunteer between 300 to 500 dentists, magvo-volunteer na mag-inoculate sa ating mga vaccination area in Metro Manila para lalo pong bumilis.

[Next, please.]

Ngayon po, may tatlo na po 'no. Actually, it's Pateros, Mandaluyong, and kasama na ho ang Marikina. Kami po ay halos patapos na kaya nagbabakuna na kami ng mga taong taga-Metro Manila at mga neighborhood po namin. Mga neighbors po namin.

[Next, please.]

Higit-kumulang... [Next, please.] Sa Mandaluyong, ito po ay 4,111, mali po 'yung nandiritong nakalagay; sa Pateros ay 287, at sa Marikina ay marami na rin. Habang tumatagal, dumadami na po ang natatapos at sila po ay tumutulong sa buong Metro Manila para magbakuna.

Iyon lang po, Mr. President, at magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, chairman.

CHAIRMAN ABALOS: Thank you po.

PRESIDENT DUTERTE: Si... Kung si Secretary Nograles may sasabihin, then we will give him the time. Si Karlo.

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Thank you, Mr. President. Maayong gabii, kanimo, kay Senator Bong Go, and mga kasamahan natin sa Gabinete.

Mr. President, ire-report ko lang 'yung mga accomplishments ng National Irrigation Administration. As we all know, it was under your administration na nagkaroon po ng libreng irigasyon alinsunod sa campaign promise niyo po sa taong-bayan na 'pag kayo'y nanalo bilang pangulo ay ililibre niyo po ang irrigation.

At simula noong pagiging Pangulo niyo po ay nagawa po natin 'yung libreng irigasyon. And, of course, beyond this, patuloy pa rin po 'yung pagtatrabaho ng NIA para ma-uplift ang farmer's sector at kasama 'yung construction, rehabilitation, restoration, maintenance ng irrigation systems nationwide.

[Next slide.]

Tumaas rin po ang bilang ng mga new areas served ng NIA: 275,000 hectares na po ang dagdag na new area served at katumbas 'yan ng 275,000 new farmers na tinutulungan din po sa pamamagitan ng serbisyo ng NIA.

[Next slide.]

Of course, patuloy 'yung mga ginagawa ng NIA para sa modernization, pagbibigay ng irigasyon all year round, especially during the dry season. Alam naman po natin tulad ng sinabi ni Sec. Dar, "There is no agriculture without irrigation." Kaya nga po ito ay consistent sa Philippine Development Plan 2017 – 2022. Directed din po ang NIA to continue 'yung new area development at paglalagay ng mga multipurpose, irrigation facilities, small reservoir, extension projects, restoration, repair works, improvement, at mga irrigation projects and facilities na climate resilient.

Iyong protection din po and rehabilitation ng watersheds kasama rin po 'yan together with DENR, at malaking tulong din po 'yung pakikipag-ugnayan ng NIA sa DENR under kay Secretary Cimat.

Diversified cropping din po ay isa sa mga isinusulong ng NIA to augment 'yung income ng farmers, and of course, mga institutional development programs para matulungan 'yung Irrigators' Associations at ang mga farmers na ma-strengthen at ma-expand pa ang support para sa kanila, especially sa mga programs against hunger and poverty.

Mamaya-maya sabihin --- ire-report namin sa inyo, Mr. President, iyong mga reorganization process na ginagawa ng NIA para ma-strengthen ang organizational structure para mas efficient at effective ang management ng NIA.

Ang finally... [Last slide.] Mr. President, mayroon na rin pong nabuo na National Irrigation Master Plan 2020 - 2030, at ito po ang makikita dito sa master plan na ito iyong ating mga programs, projects, and activities to sustain the gains ng NIA at ang lahat ng ginagawa natin para mas maraming ma-serve na area for irrigation all the way to 2030, anchored on the guiding vision ng AmBisyon Natin 2040 aimed to achieve food security and rural poverty with accelerated and sustained irrigation development under diversified crop production systems.

Maraming, maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Nograles. An, finally, we call Sal Panelo for the --- for whatever report that he has to give us today.

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO: Magandang gabi po, Ginoong Pangulo, Senator Christopher Bong Go, at Executive Secretary Salvador Medialdea, at mga kasama po natin sa Gabinete.

Ako po ay naririto ngayon sa Tarlac City at pinagbigyan po tayong magamit ang isa sa mga kuwarto rito ni City Mayor Cristy Angeles sapagkat dito po tayo inabutan ng ongoing Special Cabinet Meeting.

Tayo po ay galing sa Porac at nakadaupang-palad natin si Mayor Jing Capili; at diyan naman po sa Magalang, si Mayor Pecson; at sa Concepcion, Tarlac, si Mayor Andy Lacson; pare-pareho po ang gusto nilang ipaabot sa inyo. Unang-una, nagpapasalamat po sila pareho rin ang mga damdamin ng mga nadaanan po nating ibang mga alkalde at gobernador.

Ang damdamin na they feel they are part of the government sapagkat mabilis naman ang response sa mga pangangailangan, sa pagbibigay ng tulong sa kanila. They raised certain concerns kagaya po nung pangangailangan ng dagdag na allotment sa bakuna, ganoon din po the usual problema ng mga ibang towns on Build, Build, Build projects. But immediately naman ito pong si Secretary Charlie Galvez at si Secretary Mark Villar eh tinugon ang kanilang lahat ng mga concerns at sila po ay kuntento naman sa mga napag-usapan nila kanina.

Iyon lang po ang ipapaabot namin, and of course, lastly, ayaw po nila --- ayaw po nilang tumigil na kulitin ako na sapagkat nagbabasa po sila ng dyaryo, kung ano na po napapanood nila, pakisabi ko naman daw po sa inyo, they want to convey their sincere wish na kayo po ay gusto nilang maging bise presidente 'pag kayo'y natapos na sa inyong term.

And, of course, the usual --- again, the usual na gusto nilang iparating din kay Mayor Inday Sara ng Davao at si Senator Christopher Bong Go, na kahit sino sa kanila ay okay sa kanila kung sila ay tatakpong presidente. Iyon lang po.

PRESIDENT DUTERTE: Sal, hindi naman ako sabing hindi naniniwala sa iyo nor do I doubt your statements, pero iyon bang sinasabi mong lahat ng mga mayors, nadaanan mo for the past one month at nire-report mo dito at sinasabi gusto nila ba ako talaga ay tatakbo ng bise presidente, ito ba'y totohanan sa galing sa puso nila?

SEC. PANELO: Aba'y iyon ho ang unang sinasabi nila sa akin. Tinatanong nila ako.

PRESIDENT DUTERTE: Baka pinupolitika ka lang...

SEC. PANELO: Tinatanong po nila ako kung talagang kinonfirm (confirm) niyo na raw na tatakbo kayo. Eh sabi ko, ang masasabi ko lang sa inyo kung ano 'yung sinasabi niya na naririnig ko rin. Kasi tinatanong ko ho sila eh, "Bakit --- bakit naman niyo gusto, eh gusto niya na mag-retire?" Eh ang sagot ho nila pare-pareho, sinasabi nila, "Eh gusto namin kasing may continuity, ipagpatuloy niya, iba na 'yung nandiyan siya." Iyon ho ang palagi nilang sinasabi. Iba na raw 'yung nandiyan kayo at makikita niyo kung itutuloy o hindi.

At gaya nga ho nung sinabi niyo, naniniwala sila sa sinabi niyo na kahit na wala kayo sa kapangyarihan na magdikta ng mga gagawin sa programa, naroroon kayo to express yourselves at bahala na kung sino may hawak ng kapangyarihan na pakinggan at sundin iyong inyong mungkahi, whatever they are in relation to the programs that you have started as President. Iyon po ang sinasabi nila.

PRESIDENT DUTERTE: Well, the Filipino nation can be very sure that whatever advice or whatever statement that I would give, it would always be for the benefit and interest of the country. I have no personal interest there except to serve.

Tapos na nga ako eh. Ang gusto ko na lang kung makinig sila na sabihin ko na ito ang gawin ninyo hindi --- kaya hindi ko ito natapos kaya ganito. Pero lahat naman, kung may pera lang talaga, tapos ang lahat ng problema sa Pilipinas. But then we cannot just focus it on one sector or one region. We have a duty to do everything humanly possible for the rest of the country.

Well, anyway, thank you for the endorsements that you have secured for me. Mukhang tatakbo na talaga ako, Sal. Nako-convince na ako, baka dalawang appearances mo pa, ilang mayors pa siguro, talagang sisigaw na ako ng "Banzai!" [laughter]

Well, okay, ladies and gentlemen, you have heard the different Cabinet members making their report and, I said, diyan nakukuha ninyo kung saan ang pera ninyo napunta. Very important that may visual kayo, just saying that, you know, natapos namin na --- gusto ko makita ninyo visual kasi nandiyan 'yung pera ninyo.

Huwag kayong maniwala diyan sa oposisyon na wala pa --- hindi pa natapos 'yung proyekto kagaya nitong kay Secretary Duque. Eh ito namang --- you know, COA may trabaho siya,

patapusin mo muna bago mo i-audit kasi kung i-audit mo 'yan ngayon, skeletal force, may COVID walang --- walang sasakyan, wala lahat. Eh it's not easy really to comply, we know that we should comply. There is no problem about it. But can we have just enough elbow room at this time? Do not adopt the standards of the pre-pandemic days.

We have a problem here, kagaya sa sabi ko sa iyo, sa inyo, sinong nag-au-audit ng COA? May I ask that question? Ikaw, Sal? Marunong ka man sa batas, sinong nag-au-audit ng COA?

SEC. PANELO: Wala.

PRESIDENT DUTERTE: Sinong nag-aapura sa kanila? Mahirap iyan. You know, everything hindi sabihin na ikaw 'yung tigasilip na hindi ka na rin masilip. Iyan ang problema diyan. For all you know, the cases na mag --- aabutin ng mga 10 years. Kaya ako sabi ko nga sa iyo, bakit ako ganito ang salita ko? Dahil nga biktima ako sa inyo.

Iyan ang problema diyan. From your reports nagkakaso ako, dumating ako ng Supreme Court. Ang masakit diyan sabi ng Supreme Court, "si Duterte ang tama." Kasi sinasabi ko doon sa audit pa lang, sabi ko, "Abugado ako, adre, alam ko ang ginagawa ko." Oh eh ayaw maniwala. Pagdating sa Supreme Court sabi ng Supreme Court, "tama si Duterte."

Buti na lang hindi nagtanong ang Supreme Court, anong ginawa mo sa --- ? Ilan bang...? Mag-ano ka diyan --- mag-file kayo ng kaso, tingnan ninyo ng rate of conviction ninyo. Somebody should do it. I will --- I will do that if I become vice president. Ako na lang rin ang mag-audit sa lahat ng gobyerno. Lahat, pati 'yung akin, mag-umpisa ako sa akin. But just tell me --- I have been really trying to figure out in this democratic setup --- sinong au-audit ng COA? That is my question.

Si ES daw...

EXECUTIVE SECRETARY SALVADOR MEDIALDEA: Magandang gabi po, Pangulo, at sa mga kasama ko sa Gabinete; Senator Bong Go.

I will be reporting not about vaccine or the pandemic, Your Honor, so I don't need any slide.

I would just like to report, Your Honor, that last February --- ah last August 24, the Regional Trial Court of Taguig convicted 10 accused for kidnapping, serious illegal detention, and murder --- multiple murder. The accused included a certain Romato Maute and a Dr. Russell Salic Five of the other accused, Your Honor, were implicated in the Davao bombing case, which took place last September 2016.

The court imposed a penalty of life imprisonment without any --- without any benefit of parole, Your Honor.

PRESIDENT DUTERTE: Chance of parole.

EXECUTIVE SECRETARY MEDIALDEA: So the doc --- Dr. Russell is now --- will now be --- is waiting for extradition to the United States for other terrorism cases, Your Honor.

I would just like to commend the NICA, the ISAFP, the 103rd Brigade of the Philippine Army, the National Bureau of Investigation, and the Department of Justice for this conviction, Mr. President. [applause]

PRESIDENT DUTERTE: I'm happy to --- I have no doubt that... Para sa akin, mahusay 'yan sila lahat. The intelligence community --- buohin na lang natin lahat --- the intelligence community is vibrant dito sa Pilipinas.

At we are doing good in ferreting out this mga terorista. Now, I would gladly hand over 'yung sinasabi nilang hiningi ng Amerikano for the extradition. Immediate, sabihin mo, bukas na kaagad.

EXECUTIVE SECRETARY MEDIALDEA: Yes.

PRESIDENT DUTERTE: 'Pag hindi, I will send him through DHL or LBC. [laughter] Pero naka-embalsamar na [laughter] para wala na silang problema.

Mga kababayan ko, patawa lang 'yun pero that reflects my... Kung maaari lang ganoon ang gawain ko pero hindi man puwede.

So thank you for listening, I said, again, and we will be reporting to you especially --- the purpose of this program is to report to you where the money is going.

At sabihin ko sa inyo 'yung lahat na pakulo nila na hindi naman totoo at kaagad sinasakyan para lang makaporma --- ayan lumabas na 'yung COA: there is no corruption, there is no loss of money. So ano pa? Tapos na 'yung hearing nila. Just for the sake of --- hindi nga makahintay makatapos eh.

Alam mo, I like the way Congress is doing because they are --- well, making and --- of themselves, you just provide the word.

So, salamat po. Magandang gabi. Ingat, ingat lahat. [applause]

--- END ---